Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagpili ng Angkop na Pang-abay na Ingklitik

Kakayahan: Natutukoy ang pang-abay na ingklitik na bubuo sa pangungusap

Bilugan ang pang-abay na ingklitik na bubuo sa pangungusap.
Pumili sa mga pang-abay na ingklitik sa loob ng panaklong.

1. Magkano (na, ba, pa) ang ginagastos mo araw-araw sa pasahe?
2. Ngayon ko (yata, lang, ba) nalaman ang tungkol sa panukalang pagtaas ng pasahe sa MRT at LRT.
3. Ayon sa balita, itataas (daw, tuloy, kasi) ng pamahalaan ang pasahe sa LRT at MRT.
4. Ipinaliwanag ng pangulo kung bakit kailangan itaas ang pasahe. Nabanggit (tuloy, na, din) niya na magkakaroon ng konsultasyon bago ito ipatutupad.
5. Sumangguni (ba, pala, muna) tayo sa iba't ibang pangkat ng publiko bago natin itaas ang pasahe.
6. Matagal na (pala, lamang, pa) ang panukalang itaas ang pasahe. Noong 2011 pa nais itaas ng LRT Authority ang pasahe.
7. Ang mga taga-Maynila (nga, ba, sana) lang ang nakikinabang sa kasalukuyang mababang singil sa MRT at LRT.
8. Dagdag na (naman, lamang, muna) sa kahirapan ng mamamayan ang pagtaas ng pasahe.
9. Pinagtatalunan (tuloy, pa, nga) rin ba ang isyung iyan hanggang ngayon? Matagal nang pinag-uusapan iyan.
10. (Yata, Kaya, Sana) maresolba na sa konsultasyon ang suliranin na ito.

© 2014 Pia Noche